ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 17
Setyembre 7, 2016
www.philippinerevolution.net

## Kaugnay sa pambobomba sa Davao

MARIING KINUNDENA ng Partido Komunista ng Pilipinas ang naganap na pambobomba noong Setyembre 3 sa Davao City *night market* na pumatay sa hindi bababa sa 15 sibilyan. Ayon sa PKP, "hindi katanggap-tanggap ang anumang pangangatwiran para isagawa ang gayong atake laban sa di-armadong mamamayan."

Isinisisi ngayon ng PNP ang pambobomba sa "mga grupong teroristang nakabase sa Central Mindanao" at iniuugnay sa diumano'y teroristang tagagawa ng bomba na si Zulkifli Abdhir alyas Marwan. Pinaslang ng magkasanib ng pwersang Amerikano at Pilipino si Marwan noong Enero 2015 sa Mamasapano, Maguindanao sa isang operasyong ikinasawi ng 44 pulis.

Bago nito, isinisi ang pambobomba sa kriminal na bandidong Abu Sayyaf dahil layunin diumano nitong batakin ang mga pwersa ng AFP na itinambak laban sa kanila sa Sulu. Balak ng AFP na magdeploy nang hanggang 9,000 sundalo sa isla para sugpuin ang 250-kataong grupo. Ang Abu Sayyaf ay isang grupong binuo ng mga "jihadist", sa direksyon ng Central Intelligence Agency (CIA) ng US, para magsilbing sangkalan ng presensya at panghihimasok-militar nito sa Mindanao.

Kilala sa buong daigdig ang

*sundan sa pahina 3*

Editoryal

# Mga tungkulin sa panahon ng tigil-putukan


Matatag na itinataguyod ng lahat ng kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), rebolusyonaryong pwersa at ng milyun-milyong mamamayan ang unilateral na tigil-putukan na idineklara ng Komite Sentral ng PKP at ang usapang pangkapayapaan katugma ng tigil-putukan na idineklara ng rehimeng Duterte.

Mahigpit na sumusuporta ang sambayanang Pilipino sa NDFP sa isinasagawa nitong pakikipagnegosasyong pangkapayapaan sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) para sikaping bumuo ng mga kasunduang lulutas sa mga usapin sa ekonomya, pulitika at lipunan na nasa ugat ng kasalukuyang gera sibil.

Buong-tatag na sinusuportahan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang tigil-putukan habang nagsisilbi ito sa pagpapabilis ng pagsulong ng usapang pangkapayapaan. Nakahanda ang PKP at BHB na pumirma sa isang pinag-isang dokumento ng tigil-putukan na magtatakda ng mas malinaw na mga alituntunin upang mapangalagaan ang interes at karapatan ng mamamayan, laluna sa loob ng mga sona at baseng gerilya.

Kaakibat nito, inaasahang maipatutupad ng GRP sa lalong madaling panahon ang pagpapalaya sa humigit-kumulang 520 bilanggong pulitikal at ilan pang nakadetineng konsultant ng NDFP. Kabilang rin sa mga nakatakdang hakbangin ang palitan sa Oktubre ng borador tungkol sa mga repormang sosyo-ekonomiko.

Kung ipatutupad ng rehimeng Duterte ang mga pinagkaisahang hakbangin, maaaring magtagal nang ilang buwan ang tigil-putukan. Sa gayon, dapat maging malinaw sa mga rebolusyonaryong pwersa, laluna sa mga Pulang mandirigma, ang mga tungkulin sa panahon ng tigil-putukan at usapang pangkapayapaan.



Sa panahong ito, dapat pakilusin at aktibong palahukin ang milyun-milyong mamamayan para suportahan ang usapan. Dapat isulong ang malaganap na kampanyang edukasyon para rito sa pamamagitan ng mga pampublikong asembliya at konsultasyon sa hanay ng masang anakpawis sa kalunsuran at kanayunan.

Palaganapin ang programa ng NDFP at kagyat na ibahagi ang impormasyon sa itinatakbo ng pakikipagnegosasyon ng rebolusyonaryong kilusan sa GRP. Maglimbag ng milyun-milyong kopya ng 12-puntong programa ng NDFP, panukalang programa nito sa ekonomya at mga nilagdaang kasunduan at gamitin ang mga ito para buklurin ang mamamayan.

Buong-lakas na isulong ang mga pakikibakang masa at mahigpit na ikawing ang mga iyon sa usapang NDFP-GRP. Igiit ang mga pagbabagong ipinangako ni Duterte at itulak ang kanyang gubyerno na kaagad dinggin at tugunan ang mga sigaw ng mamamayan. Buuin ang pambansang pagkakaisa ng iba't ibang mga sektor at isulong ang malaganap na mga demokratikong pakikibakang masa.

Pukawin at pakilusin ang mga manggagawa para mariing itulak ang pagpapatupad ng pangako ni Duterte na wakasan ang sistemang "endo," ipamahagi ang lupa, magkaroon ng libreng irigasyon, pagbawi at pamamahagi sa pondong *coco levy* at pagbibigay ng mga serbisyong sosyal.


Labanan ang patuloy na pagpapatupad ng AFP ng Oplan Bayanihan. Batikusin ang pagsasapanganib nito sa tigil-putukan ng magkabilang panig. Batikusin ang paglabag sa karapatang-tao, partikular sa mga probisyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na nagbabawal sa paggamit ng mga armadong pwersa sa mga sibilyang imprastruktura at panggigipit sa mga sibilyang komunidad.

Batikusin ang AFP sa pagsasamantala nito sa tigil-putukan upang ibwelo ang tusong pagpapakat ng kanilang mga armadong tropa sa loob ng mga sonang gerilya at rebolusyonaryong baseng masa upang magsagawa ng saywar at paniniktik.

Pukawin ang mamamayan sa mga sinasakop na komunidad para labanan ang okupasyon o presensya ng mga tropa ng AFP sa kanilang lugar. Magbuo ng komprehensibong plano para sistematiko at maagap na ibunyag ang mga aktibidad ng AFP na nagsasapanganib sa tigil-putukan at lumalabag sa mga karapatang-tao ng mamamayan. Gumawa ng mga pagsisiyasat sa mga komunidad ng mga magsasaka kung saan naglulunsad ng mga operasyon ang AFP sa ngalan ng "peace and development", kontra-droga at iba pang kadahilanan.

Dapat panatilihing mataas ang diwang mapanlaban ng lahat ng Pulang mandirigma sa panahon ng tigil-putukan. Patuloy na hawakan ang mga saligang regulasyong militar at manatiling alerto laluna laban sa tusong mga operasyon ng AFP.

Tuluy-tuloy na palawakin at palakasin ang BHB at milisyang bayan. Magsagawa ng malawakang




ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 17 | Setyembre 7, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*

## Nilalaman

**Editoryal:** Mga tungkulin sa panahon ng tigil-putukan 1
Kaugnay sa pambobomba sa Davao 1
*Peace talks*, pormal nang binuksan 4
Pansamantalang tigil-putukan ng PKP 5
7 POW, pinalaya na 5
AFP, isinasapanganib ang tigil-putukan 6
Mga Lumad ng Lianga, nakauwi na 7
4 na magsasaka, pinaslang sa NEcija 8
2 batang Lumad, namatay sa sakit 8
Demolisyon sa Cavite, tinutulan 8
Kontra-drogang pamamaslang, binatikos 9
Mga estudyante, nagprotesta 9
Lupa ng Tadeco, inutos na ipamahagi 10
Tanggalan sa MRT, binatikos 10
Pondong 4Ps, ipinagkait sa mga pulitiko 11
TPP, nauubusan ng hangin 11
Syria, sinalakay ng Turkey 12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

rekrutment at tiyakin ang pag-armas sa mga Pulang mandirigma. Isagawa ang mga kinakailangang pagsasanay-militar para itaas ang kaalaman at kakayahan sa mga taktika at teknika ng pakikidigma.

Patuloy na pahigpitin ang pagkakaisa ng hukbong bayan sa malawak na masa. Mabilis na palawakin at buuin ang mga rebolusyonaryong organisasyon ng mga magsasaka, kababaihan at kabataan sa mga larangang gerilya. Pasiglahin ang pampulitikang talakayan sa antas ng mga sangay at seksyon ng Partido at mga organisasyong masa. Gawing pagkakataon ang tigil-putukan para maingat na mabalikan ang organisadong masa sa mga lugar na dating iniwanan at maihabol ang kanilang pampulitikang edukasyon at pagkilos.

Patuloy na pasiglahin ang pagpapaunlad, pagsasanay at pagpapagana ng mga demokratikong pamahalaang bayan sa mga rebolusyonaryong base. Tulungan ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa pagpaplano at pagpapatupad ng mga kampanya sa rebolusyong agraryo, pagpapaunlad ng produksyon, pangmasang edukasyon, mga serbisyong pangkalusugan at pagpapaunlad ng kultura.

Lagumin ang mga karanasan sa pakikidigma sa nagdaang mga panahon at itaas ang kaalaman sa teorya sa pagsusulong ng digmang bayan sa bansa.

Para sa mga rebolusyonaryong pwersa, ang pagpasok sa tigil-putukan ay pagpapakita ng kahandaang ipatupad ang mga pinagkaisahan sa pakikipag-usapang pangkapayapaan. Sa panahon ng tigil-putukan, mahigpit nilang panghahawakan ang mga saligang prinsipyo at programa ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Mananatiling mahigpit ang pagtangan ng mga Pulang mandirigma sa kanilang mga sandata sa bawat saglit.


*mula pahina 1*

mga pakanang pambobomba ng mga ahenteng pakawala ng CIA ng US upang mang-upat ng gulo sa mga bayang nais nilang guluhin at kontrolin. Maaalalang noong 2002, nadakip ng pulis sa Davao mismo si Michael Terence Meiring, isang Amerikanong tagagawa ng bomba, ngunit ito'y kagyat na inilusot ng US palabas ng bansa.

Pinuna ng PKP ang depektibong deklarasyon ng "national state of emergency due to lawless violence" na nagbigay sa mga pwersa ng AFP ng awtoridad na magtayo ng mga tsekpoynt at manghalughog ng mga sibilyang sasakyan. Ipinahayag ng PKP ang pinakamariing pagtunggali sa paggamit ng AFP sa pambobomba sa Davao para bigyang-katwiran ang malawakang pagdeploy ng mga tropang militar sa mga sentrong sibilyan sa buong bayan.

Ang gayong pagdeploy ng mga tropa ay nakabatay sa maling paniniwala na ang mga operasyong kriminal ng Abu Sayyaf ay mapipigilan o mawawakasan sa pamamagitan ng paghihigpit sa mga kalayaang-sibil ng mamamayan. Karugtong ito ng maling pagpapalagay na ang todo-largang opensiba ng PNP ay makapagwawakas sa salot ng droga na pangunahing nakaugat sa mga kalagayang sosyo-ekonomiko.

Dagdag pa, ang pagpapakita ng lakas ng AFP at paggamit ng kapangyarihan nito ay magbibigay sa US ng mas malawak na impluwensya at kapangyarihan sa Pilipinas. Matagal nang tumatayo ang AFP bilang pangunahing haligi ng dominasyon ng US sa bansa.




Sa nakaraan, nagresulta ang deklarasyon ng "national state of emergency" sa malawakang pang-aabuso ng AFP at PNP sa kanilang awtoridad at sa pinaigting na panghihimasok-militar ng US sa mga internal na usapin ng bayan sa tabing ng kontra-terorismo. "Sinisikap ng US na pahigpitin ang kontrol sa AFP, pondohan ang pagbili ng dagdag na segunda-manong armas sa ngalan ng "modernisasyon", magtatag ng dagdag na base militar sa bayan at palakasin ang pusisyong militar sa Asia-Pacific region," dagdag pa ng PKP.

Kinundena rin ng Suara Bangsamoro ang pambobomba at ipinanawagan ang masusing imbestigasyon upang matuklasan ang tunay na mga salarin, hindi ang agarang pagpapalagay sa mga sibilyang Moro bilang mga suspek. Sa naganap na mga pambobomba sa paliparan ng Davao at daungan ng Sasa noong 2003, ang Moro Islamic Liberation Front ang agad na pinaratangan at hinigpitan ang lahat ng Moro sa Davao.

Ayon sa Suara Bangsamoro, "ipinangangamba naming magagamit ang pangyayaring ito para maghasik ng pananakot, kawalang-pagkakaisa at pagsira sa mga pagsisikap sa kapayapaan." Nagpahayag rin ang Suara na sana'y huwag gamitin ang pagbatikos ng mamamayan para bigyang-katwiran ang pagpapataw ng batas militar o pagpapatindi ng kontra-teroristang seguridad sa pamamagitan ng EDCA.

Noong Setyembre 5, naglunsad ng pagkilos sa Plaza Miranda sa Quiapo, Maynila ang Suara Bangsamoro, kasama ang Bayan at iba pang pambansa-demokratikong organisasyon para kundenahin ang pambobomba.

# Pagbubukas ng pormal na usapan, tagumpay

Matapos ang halos kalahating dekadang pagkahinto, matagumpay na muling sinimulan noong Agosto 22 hanggang 26 sa Oslo, Norway ang pormal na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Nagsilbing tagapamagitan sa usapan ang Royal Norwegian Government na pinangunahan nina Foreign Minister Børge Brende at Special Ambassador Elisabeth Slattum. Ginanap ang mga pulong sa Scandic Holmenkollen Park Hotel sa Oslo.

Sa inilabas na pinag-isang pahayag ng GRP at NDFP, pitong usapin ang napagkasunduan ng dalawang panig:

**1. Muling-pagtitibay ng mga nagdaang kasunduan.** Kabilang dito ang The Hague Joint Declaration of 1992; ang Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees; ang Joint Agreement on the Formation, Sequence and Operationalization of the Reciprocal Working Committees of the GRP and NDFP Negotiating Panels; at ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law.

Maaari pang paunlarin ang mga naturang dokumento batay sa mapagkakasunduan ng dalawang panig.

**2. Muling pagbubuo ng listahan para sa JASIG.** Tinanggap ng GRP panel ang listahan ng mga personalidad ng NDFP na protektado ng JASIG. Pinagkasunduan ng dalawang panig ang pamamaraan ng dokumentasyon, pangangalaga sa mga dokumento, at beripikasyon.

**3. Pagpapabilis ng negosasyong pangkapayapaan.** Maliban dito, pinagkasunduan din ang pagtakda ng panahon para sa pagkukumpleto ng natitirang mahahalagang adyenda ng mga negosasyon.

Itinakdang tatapusin ang pagbubuo ng kasunduan hinggil sa mga sosyo-ekonomikong reporma (SER) sa loob ng anim na buwan. Samantala, kaalinsabay ng mga pulong sa pagbubuo ng kasunduan sa SER ang mga pulong sa pagbubuo ng mga borador ng magkabilang panig kaugnay sa mga pampulitika at konstitusyunal na reporma, gayundin ang hinggil sa pagtatapos ng mga labanan at disposisyon ng mga pwersa.

Muli ring bubuhayin ang Joint Monitoring Committee.

**4. Mga pagpapalaya.** Ipinahayag ng NDFP ang pagkalugod nito sa pagpapalaya ni GRP President Duterte sa mga konsultant ng NDFP batay sa JASIG. Gayundin, pinasalamatan ng NDFP ang GRP sa pagpangako nitong palalayain, ayon sa mga batayang makatao, yaong mga inilista ng NDFP na mga bilanggong maysakit, matatanda, masyadong matagal nang nakabilanggo at kababaihan.

**5. Proklamasyon ng amnestiya.** Agad na irerekomenda ng GRP panel kay Duterte na maglabas ng Proklamasyon ng Amnestiya, na ihahapag sa pagsang-ayon ng Kongreso, para sa pagpapalaya sa mga bilanggong nasa listahan ng NDFP.

**6. Tigil-putukan.** Ang inilabas noong Agosto 28 na Unilateral na Deklarasyon ng Pansamantalang Tigil-putukan ng PKP at ng Pambansang Pamatnugutan sa Operasyon ng Bagong Hukbong Bayan ay tugon sa deklarasyon ni GRP Pres. Duterte na walang-taning na unilateral na tigil-putukan noong Agosto 21.


**7. Susunod na pagpupulong.** Idadaos ang sunod na pagpupulong ng magkabilang panig sa Oslo sa Oktubre 8-12.

Samantala, nagpahayag si Prop. Jose Maria Sison, Chief Political Consultant ng NDFP, na "kung sakaling interesado lamang ang gubyernong Duterte sa isang mahabang tigil-putukan upang kalimutan nito ang mga kahingian ng mamamayan para sa reporma sa lipunan, ekonomya at pulitika, kailangang pag-isipan ng rebolusyonaryong kilusan kung magpapatuloy pa ito sa prosesong pangkapayapaan."

"Hangga't nagpapatuloy ang pang-aapi at pagsasamanta, laging may matabang lupa para sa armadong paglaban ng mamamayan," diin ni Sison.

Sa pagtatapos ng pagbubukas ng pormal na usapan noong Agosto 26, pinasalamatan ni NDFP Negotiating Panel Chairperson Luis Jalandoni ang gubyerno ng Norway sa mabungang usapan. Kinilala din niya ang matibay na komitment ni GRP President Duterte sa negosasyong pangkapayapaan, gayundin ang diwa ng kabutihang-loob ng GRP panel. Gayundin, kinilala ni Jalandoni ang komitment at matatag na suporta ng pambansang pamunuan ng NDFP sa negosasyong pangkapayapaan, at ang kakayahan ng mga bagong-layang konsultant ng NDFP na mas nakakaalam sa kalagayan sa mga teritoryo.

Ipinahayag ni Jalandoni ang malalim na pagpapahalaga ng NDFP Negotiating Panel sa di-matinag na paninindigan ng mga bilanggong pulitikal sa panig ng mamamayan. Matatag ang pakikiisa ng NDFP Negotiating Panel sa mga pagkilos upang itulak ang GRP na sila'y palayain. AB



# Pansamantalang tigil-putukan, idineklara ng PKP mula Agosto 28

ALINSUNOD SA rekomendasyon ng mga negosyador ng NDFP at bilang pagtaguyod sa inilabas na Pinag-isang Pahayag ng GRP at NDFP, naglabas ang PKP at ang Pambansang Pamatnugutan sa Operasyon ng BHB ng kautusan para sa isang pansamantalang tigil-putukan simula Agosto 28. Inilabas ang kautusan matapos mawalan ng bisa noong Agosto 27 ang naunang kautusan para sa pitong-araw na unilateral na tigil-putukan.

Tinutumbasan ng naturang kautusan ang walang-taning na tigil-putukang ipinanumbalik ng Presidente ng GRP noong Agosto 21. Una nang nagdeklara ang GRP ng walang-taning na tigil-putukan noong Agosto 25 na binawi nito noong Agosto 31.

Mananatiling maybisa ang unilateral na pansamantalang tigil-putukan sa panahon ng usapang pangkapayapaan hanggang mapalitan ito ng isang bilateral na kasunduan sa tigil-putukan na pagkakaisahan ng dalawang panig sa loob ng susunod na 60 araw. Mananatiling maybisa rin ito sa loob ng sampung araw matapos matanggap ng GRP *panel* ang isang pabatid ng pagtatapos ng naturang deklarasyon mula sa NDFP panel.

Habang inihihinto ang mga opensibang operasyong militar laban sa mga unipormadong tauhan ng Armed Forces of the Philippines at ng Philippine National Police, ipagpapatuloy ng BHB ang pagpapatupad ng mga patakaran at batas ng demokratikong gubyernong bayan, patuloy na ipatutupad ang mga gawain sa panggugubyerno at pakikilusin ang mamamayan at rekurso sa mga teritoryo sa ilalim ng awtoridad nito. Kabilang sa mga ito ang sumusunod:

1. pagpapairal ng kapayapaan at kaayusan kabilang ang pagsupil sa mga grupong kriminal tulad ng mga opereytor ng kalakalan sa droga at malakihang sugal, mga *private army* at armadong grupo ng mga *warlord*, lokal na tirano, mga grupong *vigilante* at mga espiya.

2. pagpapatupad ng mga patakaran sa ekonomya na pumapatungkol sa upa sa lupa, usura, sahod at iba pa.

3. pagpapatupad ng batas para sa pangangalaga ng kalikasan at pagtatanggol sa interes ng mga pambansang minorya, magsasaka at mga manggagawa na apektado ng malakihang pagmimina, pagtotroso at mga operasyon ng plantasyon.

Dagdag pa, bilang isang organisasyon sa kultura, pulitika at serbisyo, ipagpapatuloy ng BHB ang pagpakat ng mga pwersa nito para magsagawa ng mga kampanyang edukasyon, partikular tungkol sa takbo ng negosasyong pangkapayapaan, mga aktibidad pangkultura, pagbibigay ng serbisyong medikal at pag- lulunsad ng mga kampanya sa produksyon. AB

# 7 POW, pinalaya ng BHB



PINALAYA NG Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang pitong bihag-ng-digma (prisoner of war o POW) sa magkakahiwalay na pagtitipon sa Mindanao nitong huling linggo ng Agosto. Ang mga pagpapalaya ay hakbang ng kabutihang-loob sa muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Government of the Republic of the Philippines (GRP).

Isinagawa ang isa sa mga pagpapalaya sa isang pagtitipon sa Barangay Mat-i, Surigao City na dinaluhan ng mahigit 5,000 mamamayan noong Agosto 27. Pinalaya sina PO2 Caleb Sinaca, PO3 Jayroll Bagayas at sibilyang empleyado na si Rodrigo Angob, lahat ng Malimono Municipal Police Station, at si SPO3 Santiago Lamanilao ng Surigao City Police Office matapos ang mahigit isang buwang pagkakadetine.

Ang apat ay inaresto ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Front 16 noong Hulyo 24 sa Barangay Cagtinae sa Malimono.

Namagitan sa pagpapalaya sa mga bilanggo sina Governor Arturo Carlos Egay Jr, Surigao City Vice Mayor Alfonso Casurra, mga lider ng United Church of Christ of Philippines at ng Exodus for Justice and Peace.

Sa pagtitipon, nagtanghal ng mga sayaw at kanta ang lokal na balangay ng Kabataang Makabayan at iba pang rebolusyonaryong mga organisasyon.

Pinalaya rin noong Agosto 26 si Richard Vaz Yu ng PNP sa Carmen, Surigao del Sur. Inaresto si Yu ng BHB-Front 30 sa Barangay San Vicente noong Hulyo 5.

Noong Agosto 26 naman, pinalaya ng BHB-Com-

Val-Davao Gulf Subregional Command sa harap ng mahigit 1,000 mamamayan sina Police Chief Inspector Arnold Ongachen ng Governor Generoso Municipal Police Station at PO1 Michael Grande ng Banaybanay Municipal Police Station. Inaresto ng BHB si Ongachen noong Mayo 29 nang salakayin ng mga Pulang mandirigma ang kanyang istasyon habang Hulyo 19 naman inaresto si Grande.

Ipinasa sila kina Sen. Emmanuel "Manny" Pacquiao at iba pang tagasuporta ng kapayapaan sa Barangay Kalapagan, Lupon, Davao Oriental. Dahil sa usapang pangkapayapaan, itinigil na ng rebolusyonaryong gubyerno ang paglilitis sa kanila upang maipasa na sila sa gubyerno ng GRP.

Ayon kina Ka Maria Malaya, tagapagsalita ng NDF-Northeastern Mindanao, at Rigoberto F. Sanchez ng BHB-SMR, ang mga POW ay inaresto dahil sa pagkakasangkot nila sa iligal na droga, at iba pang krimen. Si Sinaca ay inakusahang protektor ng iligal na kalakalan sa droga at troso. Kilala rin siya sa kanyang pangingikil sa maliliit na minero at panghaharas sa mga magsasaka sa lupa ng kanyang ama na si Dario Sinaca sa Surigao. Si Ongachen ay akusado ng pagbibigay-proteksyon sa iligal na kalakalan sa droga sa Gov. Generoso, at si Grande ay may kaso ng pambubugbog, harasment at panunutok sa ilang sibilyan sa Banaybanay, at sa pagtanggap ng suhol mula sa iligal na sugal sa lugar.

Tiniyak kapwa ng NDF at BHB ang mabuting pangangalaga sa mga bihag ayon sa internasyunal na mga pamantayan. "Totoong inalagaan nila kami ng mabuti, pinahalagahan ang aming kalusugan at pinakain kami dahil mahigpit silang sumusunod sa protokol ng digmaan," ani SPO3 Lamanilao. AB

# Isinasapanganib ng mga operasyon ng AFP ang tigil-putukan

Sa harap ng pagkalugod ng rebolusyonaryong kilusan sa unilateral na deklarasyon ng walang-taning na tigil-putukan ni GRP President Rodrigo Duterte, binibigyang-pansin ng PKP ang pang-operasyong mga panuntunan ng inilabas na SOMO (Suspension of Offensive Military Operations) at SOPO (Suspension of Offensive Police Operations) ng mga armadong pwersa ng GRP.

Sa ilalim ng walang-taning na tigil-putukan ng GRP:

1) hindi itinitigil ang Oplan Bayanihan;

2) ang mga yunit ng AFP ay nasa opensibong pakat, tahasang lumalabag sa CARHRIHL sa pag-okupa ng mga komunidad, *barangay hall* at paaralan, at nananatili sa labas ng mga hedkwarter ng kanilang mga batalyon o mas mataas pang kumand;

3) nagpapatuloy ang "ligal na opensiba," kabilang ang pagsasampa ng gawa-gawang mga kasong kriminal laban sa mga pinagsususpetsahang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan. Labag ito sa karapatang tao, sa doktrinang Hernandez, at sa CARHRIHL.

Sa isang pahayag, mariing tinuligsa ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan ang Armed Forces of the Philippines (AFP) sa pagmantine nito ng presensya at patuloy na paglulunsad ng mga agresibong aksyon sa loob at palibot ng mga kinikilusang erya ng BHB na bahagi ng mga teritoryo ng demokratikong gubyernong bayan.

Sa tabing ng mga operasyong 'peace and development', 'anti-drug', 'anti-logging' at 'mga pagbisita', patuloy na naglulunsad ang AFP ng saywar, paniniktik at mga operasyong pagtugis at kombat laban sa BHB. Pasakit ang kanilang presensya dulot ng teror na dala ng mga armadong tropa ng AFP sa mga sibilyan, at pagsupil sa kanilang pampulitika't pang-ekonomyang mga aktibidad.

Iniulat ni Ka Wigan Moncontad ng BHB-Ifugao na mahigit isang linggo matapos ang unilateral na deklarasyon ni Duterte ng tigil-putukan, matinding operasyon pa rin ang inilunsad ng sampung kolum ng 54th IB at iba pang yunit ng AFP sa mga bayan ng Asipulo at Tinoc sa Ifugao, at Ambagio sa Nueva Vizcaya.

Sa Sorsogon, iniulat ni Ka Samuel Guerrero ng Celso Minguez Command na nagpapatuloy din ang mga operasyon ng 31st IB sa mga bayan ng





Barcelona, Bulan, Gubat, Juban at Matnog.

Samantala, inamin ni Col. Francisco Delfin ng 303rd IBde sa Negros Island na paiigtingin pa nila ang mga operasyong "peace and development" sa mga bulubunduking lugar ng isla sa kabila ng deklarasyon ng tigil-putukan. Maging ang *regional director* ng PNP na si Chief Supt. Renato Gumban ay nagdeklara na magpapatuloy ang kanilang pag-aresto sa mga myembro ng BHB na sinampahan ng mga kaso sa mga reaksyunaryong korte.

Sa Davao Oriental, wala pang 24 oras matapos palayain ng BHB-Southern Mindanao Region ang dalawang bihag-ng-digma noong Agosto 26, agad nang naglunsad ng operasyong kombat ang mga tropa ng AFP sa Brgy. Kalapagan, Lupon, Davao Oriental.

Inabot din ng Setyembre 2 bago umalis ang 75th IB mula sa mga komunidad ng Lumad sa Diatagon, Lianga, Surigao del Sur. Liban sa dislokasyon ng Lumad, matinding pinsala sa mga bahay at pananim ng mga magsasaka ang iniwan ng mga sundalo. (*Tingnan ang kaugnay na artikulo.*)

Sa kabila ng mga pagsisikap ng BHB na panatilihin ang sariling unilateral na tigil-putukan, nakaambang maganap ang mga armadong labanan kung ipipilit ng AFP na magmantine ng kanyang presensya sa mga komunidad at patuloy na maglulunsad ng mga agresibong operasyon sa mga interyor na lugar.

Para makapanaig ang mga tigil-putukan ng PKP at gubyernong Duterte, maaaring magtakda ang mga *negotiating panel* ng GRP at NDFP ng mga malinaw na panuntunan at sistema ng pagmonitor at pag-ulat. AB

# Mga Lumad ng Surigao del Sur, nakauwi na

Mahigit 2,000 Lumad ang nakabalik na sa Lianga, Surigao del Sur matapos ang isang taong pamamalagi sa sentro ng ebakwasyon sa Tandag City. Ang kanilang pagbabalik ay isang tagumpay ng pakikibaka ng mga Lumad para muling angkinin ang kanilang lupang ninuno mula sa okupasyon ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at laban sa pandarahas ng mga sundalo at mga grupong paramilitar.



Kasama ang mga lider ng mga pambansa-demokratikong organisasyon, kinatawan ng lokal na gubyerno at iba pang tagasuporta, matagumpay na bumyahe ang unang bats ng mga Lumad mula Tandag tungong Kilometro 16, Diatagon sa Lianga noong Setyembre 2.

Nagbakwet ang mga Lumad noong Setyembre 2015 matapos paslangin ng mga paramilitar ang *executive director* ng Alternative Learning Center for Agricultural and Livelihood Development (ALCADEV) na si Emerito Samarca, at dalawang lider ng Malahutayong Pakigbisog Alang Sa Sumusunod (MAPASU) na sina Bello Sinzo at Dionel Campos.

Bago nito, binisita ng isang grupo na binubuo ng mga kinatawan mula sa mga ahensya ng gubyerno at mga lider-Lumad ang 11 komunidad sa Lianga at San Agustin para siyasatin ang lugar noong Agosto 24. Dinatnan nilang sira-sira, pinagnakawan at wasak ang mga bahay at eskwelahan ng mga Lumad. Sira rin ang napabayaang mga sakahan. Nagkampo ang mga sundalo sa loob mismo ng eskwelahan ng ALCADEV sa Han-ayan at nagtayo ng isa pa sa itaas ng bahay ng pinaslang na si Dionel Campos. Binasehan din ng mga sundalo ang ilang bahay sa tatlong komunidad.

Nagkalat ang mga kahoy at bubong mula sa winasak na mga bahay, at nawawala ang mga gamitpansaka at iba pang gamit ng komunidad tulad ng *generator*. Pinutol at dinala ng mga nagkampong sundalo ng 75th IB ang linya ng kuryente at tubig sa kanilang mga kampo. Pinapapanagot ng mga Lumad ang AFP at si Col. Isidro Purisima sa mga pangwawasak na ginawa ng mga sundalo sa kanilang mga komunidad. Noong Setyembre 2 lamang umalis ang mga tropa ng AFP sa lugar, at kunwa'y "ibinalik" pa nila sa "pangangalaga" ng mga residente ang winasak nilang mga komunidad sa isang seremonya. Dito, hindi napigilan ng mga lider ng komunidad na kundenahin ang mga sundalo at singilin sila sa pagkasira ng mga bahay, eskwelahan at kagamitan.

Sa pahayag ng MAPASU, pinasalamatan ng mga Lumad ang patuloy na pakikiisa ng mamamayan sa kanilang pakikibaka.


Tinawag nila ang Setyembre 1 na Eyduw Tu Pakigsantuya Tu Tumindok Kane't Caraga (Araw ng Pakikibaka ng Lumad sa Caraga) bilang pag-alala sa tatlong martir at araw nang magsimulang makibaka ang mamamayang Lumad para sa kanilang karapatan.

Nananatiling mailap ang hustisya, anila. Patuloy pa ring ipinagtatanggol nina Col. Purisima at ng 402nd IBde ang mga lider ng paramilitar na sina Calpet Egua, Marcial Belandres at Marcos Bocalas, mga pangunahing salarin sa pamamaslang.

Ang mga pandarahas ng 75th IB sa mga kabataan, mag-aaral at guro ng mga eskwelahang Lumad ay hindi pa naiimbestigahan at hindi pa rin naparurusahan ang mga sangkot na sundalo. AB

# 4 na magsasaka, pinaslang sa Nueva Ecija

Kinundena ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang pamamaslang sa apat na magsasaka sa loob ng Fort Magsaysay sa Laur, Nueva Ecija nitong Setyembre 3.



Pinagbabaril ng mga armadong tauhan na iniuugnay kay Palayan City Mayor Adrianne Mae Cuevas ang mga magsasakang sina Baby Mercado, Violeta Mercado, Eligio Barbado at Gaudencio Bagalay habang nagtatrabaho sa sakahang inaangkin ng mayor. Sugatan din si Angelita Milan sa pamamaril. Lumalahok noon ang mga biktima sa bungkalan o kolektibong pagsasaka na ipinatawag ng kanilang organisasyon, ang Alyansa ng mga Magbubukid ng Nagkakaisa 3100 (ALMANA3100.) Si Cuevas ay mahigpit na nakaugnay sa dinastiyang Joson ng Nueva Ecija.

Ayon kay Joseph Canlas, tagapangulo ng KMP, ang naturang pagatake ay dagdag sa mahabang listahan ng mga paglabag sa karapatang tao na kagagawan ng mga panginoong maylupang pulitiko laban sa mga magsasakang nakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa.

Ang lupang binubungkal ng ALAMANA3100 sa Fort Magsaysay Military Reserve (FMMR) ay bahagi ng lupang idineklara ng Department of Agrarian Reform na nakapailalim sa Comprehensive Agrarian Reform Program noong 1991. Dapat ipinamahagi ang lupa sa may 6,000 magsasaka at biktima ng pagsabog ng Mt. Pinatubo.

Gayunpaman, hindi isinakatuparan ng mga nagdaang rehimen ang pamamahagi ng lupa na ngayo'y inaangkin na ng ilang upisyal ng militar at mga lokal na pulitiko.

Mula 2008, aktibo ang militar, sa partikular ang 7th ID, sa pagpapalayas ng mga magsasaka sa lugar sa pamamagitan ng pagkansela ng kanilang mga Certificate of Land Ownership Award.

Isa ang FMMR sa mga base militar na iginawad ng reaksyunaryong estado para sa gamit ng mga tropang Amerikano sa ilalim ng EDCA. AB

## 2 batang Lumad, namatay sa sentro ng ebakwasyon

DALAWANG BATANG Lumad ang namatay sa sentro ng ebakwasyon sa Malaybalay City, Bukidnon nitong nakaraang linggo. Namatay sa pulmonya sina Charwin Amas at Racky Duyan, parehong dalawang taong gulang. Namatay ang batang Amas noong Agosto 28. Nadala pa sa Bukidnon Provincial Medical Center ang batang Duyan subalit namatay din noong Setyembre 1.

Lumikas ang mga Lumad sa kanilang komunidad noong Hulyo 31 matapos ang pamamaril ng paramilitar na nagresulta sa pagkamatay sa isang buntis at pagkasugat ng marami.

Kinundena ng KASILO, organisasyon ng mga Lumad, ang kawalang-aksyon ng lokal na gubyerno ng Bukidnon sa kanilang panawagan na papanagutin ang grupong paramilitar na New Indigenous People's Army for Reform (NIPAR) na pinamumunuan ni Alde 'Butsoy' Salusad.

## Demolisyon sa Cavite, tinutulan

KINUNDENA NG progresibong organisasyong Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) ang karahasan ng Philippine Air Force (PAF) at pulis sa pagtatangkang idemolis ang kanilang komunidad sa Barangay Patungan, Maragondon, Cavite noong Agosto 23.

Tinatayang may 353 pamilya ng mangingisda at magsasaka sa naturang barangay ang maapektuhan sa demolisyong iniutos para sa malaking burgesya kumprador na si Henry Sy.

Ang 602-ektaryang pangisdaan at sakahan, na inaangkin ng Maria Theresa Virata Realty Corporation, ay ibinenta kay Sy para idebelop bilang sentro ng turismo. Ayon sa Pamalakaya, hindi lamang nito wawasakin ang komunidad ng mga mangingisda na tatamaan ng proyekto, aagawin din nito ang lupa at kalapit na karagatan na pinagkukunan nila ng kabuhayan.

Estratehiko ang lokasyon ng Patungan, na matatagpuan sa hanay ng baybayin ng Maragondon, Cavite at Nasugbu, Batangas. Katapat nito ang Hamilo Coast Pico de Loro Beach Resort na itinayo ni Sy bilang bahagi ng kanyang Harbor Town Project. Kasalukuyang nakahinto ang proyektong ito dahil sa pagtutol ng mga residente sa lugar.

Ani Susan Agner, pangkalahatang kalihim ng Save Patungan Now Movement, noon pang 2012 nagsimula ang demolisyon sa kanilang komunidad.

Noong tanghali ng Agosto 22, mahigit 500-kataong tim ng demolisyon, pulis at mga elemento ng PAF ang nagtungo sa Barangay Patungan upang ituloy ang pagdedemolis sa komunidad.

Gumamit sila ng tirgas at mga blankong bala upang dahasin at buwagin ang barikada ng mga residente. Sa kabila nito, nakapanatili ang barikada at nabigo ang demolisyon.

# Kontra-drogang pamamaslang, binatikos

Isang koordinadong kilos-protesta ang inilunsad ng mga estudyante, taong simbahan at mga maralitang lunsod sa iba't ibang lugar ng Metro Manila laban sa ekstrahudisyal na pagpatay kaugnay sa gera kontra-droga mula alas-5 hanggang alas-7 ng gabi ng Agosto 31.

Sa ilalim ng bagong tatag na Stop the Killings Network at dala ang kampayang #LightforLife, nagsindi ang mga nagprotesta ng kandila upang ipahayag ang kanilang pagkundena sa mga pamamaslang sa mga pinaghihinalaang gumagamit at nagtutulak ng iligal na droga.

Isinagawa ang mga pagtitipon sa Sto. Domingo Church at Good Shepherd Chapel sa Quezon City, Baclaran Redemptorist Church sa Parañaque City, at Our Lady of Abandoned Church sa Alabang. Nagkaroon din ng katulad na mga aktibidad sa Monumento Circle sa Caloocan City, People's Park sa Valenzuela City at sa Muntinlupa City.

Sumabay din sa pagkilos ang mga estudyante mula sa Colegio de San Juan de Letran, Don Bosco Technical Institute at Technological University of the Philippines. Naglunsad din ng protesta ang mga estudyante ng Eulogio "Amang" Rodriguez Institute of Science and Technology. Isa sa kanilang kaeskwela na pinagdudahang nagtutulak ng droga ay naging biktima ng pamamaslang.

Bago nito, umulan ang batikos sa pagkadamay sa 5-taong gulang na si Danica May Garcia sa kontra-drogang pamamaril. Tinamaan si Garcia noong Agosto 19 sa tangkang pamamaslang ng di-kilalang kalalakihan sa kanyang lolo na pinaghihinalaang nagtutulak ng droga.

Ayon sa Kalipunan ng Damayang Mahihirap, ang maralitang lunsod ang pinakamatinding tinamaan ng kampanya na may dumaraming biktimang umano'y nanghahamon sa pulis sa isang napakatagibang na labanan.

Samantala, kinundena ng Ifugao Peasant Movement (IPM) ang paglista ng PNP sa dalawang lider ng mga progresibong organisasyon sa mga sangkot sa droga sa kanilang lugar. Kinuwestyon ni Nestor Peralta ng IPM ang pagdawit kina Martin Waling, 80-anyos na magsasaka, at Ricardo Mayumi, 50-anyos, tagapangulo ng Hohlukan Indigenous Farmers Organizations sa listahan ng mga "personalidad ng droga" sa Tinoc, Ifugao. Parehong aktibo sina Waling at Mayumi sa pagtutol sa Quad River Power Corporation na nakatakdang magtayo ng mga *hydropower dam* sa Tinoc.

"Ang pagkakasangkot ng dalawa sa listahan ng droga ay bagong porma ng pananakot at panggigipit ng mga pwersa ng estado laban sa mga aktibista," ani Peralta. AB

# Mga estudyante, naglunsad ng koordinadong protesta

NAGLUNSAD NG koordinadong mga protesta ang mga estudyante sa iba't ibang kampus laban sa mga patakaran sa edukasyon noong Agosto 25. Pinamunuan ang mga pagkilos ng mga konseho ng mag-aaral, League of Filipino Students at Kabataan Partylist.



Sa University of the Philippines (UP)-Diliman, pinasok ng mga estudyante ang pagpupulong ng Board of Regents noong Agosto 25 para igiit ang kanilang pagtutol sa mga patakaran ng unibersidad. Mahigit 200 estudyante mula sa UP-Diliman, UP-Los Banos at UP-Manila ang pumasok sa Quezon Hall para kumprontahin ang palabas nang presidente nitong si Alfredo Pascual.

Kabilang sa mga isyung inihapag ng mga estudyante ang patuloy na pagpapatupad ng matagal nang tinututulan na Student Academic Information System (SAIS) at ng Socialized Tuition and Financial Assistance Program (STFAP). Ang SAIS ay isang programang pribatisasyon ng sistema sa enrolment na anim na taon nang tinututulan ng mga estudyante. Ang STFAP naman ay 27 taon nang tinututulan dahil sa pagpapasa nito ng gastos ng unibersidad sa mga estudyante na ibinunsod ng pagbabawas ng reaksyunaryong estado ng badyet sa edukasyon.

Kasabay nito, naglunsad ng kilos protesta ang mga estudyante ng UP-Manila at Polytechnic University of the Philippines–Sta. Mesa sa kani-kanilang mga kampus.

Sa Batasan National High School, nagtipon ang mga estudyante sa harap ng eskwelahan at nagmartsa papuntang Batasang Pambansa upang iprotesta ang K-12.

Samantala, nagtipon sa harap ng University of Santo Tomas ang mga estudyante sa kalapit na mga unibersidad sa Maynila upang kundenahin ang patuloy na kontra-drogang pamamaslang sa buong bayan.

Ayon kay JP Rosos, tagapagsalita ng LFS, patuloy na tumataas ang gastos sa edukasyon dahil sa iba't ibang patakarang pang-estado tulad ng Education Act of 1982 at Memorandum Order No. 3 Series of 2012 ng Commission on Higher Education. AB

# Lupa ng TADECO, ipinag-utos na ipamahagi

Noong Agosto 25, ipinag-utos ng Department of Agrarian Reform (DAR) na ipamahagi na ang 358 ektaryang lupang agrikultural ng Tarlac Development Corporation (Tadeco) sa Barangay Balete at Cutcut, Tarlac na kontrolado ng pamilyang Cojuangco.

Naglabas ang DAR ng DARCO Resolution MS1608-238 na nagdedeklara ng pamamahagi ng lupa na pinatawan ng *notice of coverage* noong December 2013. Ibinasura nito ang apela ng Tadeco laban sa naturang *notice of coverage*. Tinanggihan na rin nito ang lahat ng mosyon at petisyon na isinampa ng Tadeco dahil sa kawalan ng sapat na batayan.

Ani Rafael 'Paeng' Mariano, kalihim ng DAR, tanging isang *temporary restraining order* lamang mula sa Korte Suprema ang makapipigil sa DAR. Noon pang Hunyo 15, 1988 idineklara ang naturang lupang agrikultural na saklaw ng Comprehensive Agrarian Reform Law.

Iniutos na ni Mariano sa upisina ng DAR sa Tarlac-Region 3 na kumpletuhin ang proseso ng pagbawi at pamamahagi ng lupa. Inaasahang aabutin pa ng 195 araw bago makumpleto ang proseso.

Sa isang pahayag, nagpasalamat ang Alyansa ng Magbubukid sa Asyenda Luisita (AMBALA) sa desisyon ng DAR na ipamahagi ang lupang kontrolado ng Tadeco. Kasabay nito, iniulat nila sa DAR ang presensya ng lumalaking bilang ng militar at pribadong gwardya sa kanilang mga komunidad. Anang mga magsasaka, 16 na armadong sundalo ang umikot sa Barangay Balete matapos ilabas ang desisyon ng DAR. Nagpapatuloy din ang pananakot at pandarahas sa mga magsasaka ng Hacienda Luisita.

Kasabay nito, kinundena ng AMBALA at ng Unyon ng Manggagawa sa Agrikultura (UMA) ang pamilyang Cojuangco-Aquino sa paggamit ng mga bayarang tauhan para magpanggap na mga benepisyaryo.

Ani Danilo Ramos, pangkalahatang kalihim ng UMA, sa halip na magpalaganap ng kasinungalingan at panlilinlang sa midya, dapat ay ipaubaya na ng pamilyang Cojuangco-Aquino at kanilang mga alipures sa DAR ang pamamahagi ng asyenda.

Sa nakaraang mga taon, marami nang kaso ang isinampa ng AMBALA at mga magsasaka ng Hacienda Luisita laban sa Tadeco at pribado nitong mga gwardya dahil sa pang-aabuso sa kanilang mga karapatan at paninira ng kanilang mga pananim.

Samantala, ibinasura ng DAR ang apela ng lokal na gubyerno ng Negros Occidental na baguhin ang desisyon nito sa Hacienda Ilimnan sa Murcia at ibalik sa gubyerno ang pagmamay-ari ng lupa ng asyenda. Inilabas ang desisyon noong Agosto 17 matapos dumalaw si Mariano sa kampuhan ng mga magsasaka sa harap ng kapitolyo ng prubinsya.

Ayon kay Danilo Tabora, tagapangulo ng Barangay-Wide Farmers and Farmworkers Association, matagal na nilang hinihintay na maipamahagi ang lupa ng asyenda dahil may desisyon na rito noon pang 1988.

"Nang maibenta ng pamilyang Ilimnan ang lupa noong 2010, wala na kaming kontrol sa lupa at kabuhayan," ani Tabora.

Mahigit isang buwan nang nakakampo ang mga magsasaka sa harap ng kapitolyo sa pangakong hindi sila aalis sa lugar hangga't hindi naipamamahagi sa kanila ang lupa.

Sa Occidental Mindoro, ipinamahagi ng DAR ang 105.3 ektaryang lupain sa bayan ng Mamburao sa 175 benepisyaryo ng repormang agraryo. AB

### Pagtanggal sa mga manggagawa ng LRT, binatikos

ISANG PIKET SA harap ng upisina ng Department of Transportation sa Pasig City ang inilunsad ng Kilusang Mayo Uno (KMU) noong Agosto 26 upang batikusin ang di-makatarungang pagtanggal ng mga manggagawa ng LRT at igiit ang kanilang pagbabalik sa trabaho.

Tinanggal ng LRT Authority ang 41 manggagawa nito noong Hunyo upang mabawi diumano ang pagkalugi sa mga tiket na pinamamahalaan ng pribadong konsesyuner na AF Payments Incorporated.

Samantala, isa ring protesta-dayalog ang inilunsad ng mahigit 1,000 manggagawa sa pamumuno ng KMU sa upisina ng Department of Labor and Employment (DOLE) noong Agosto 19 upang ihapag ang kahingiang itigil ang kontraktwalisasyon. Iginiit ng KMU ang pagwawalang-bisa ng DOLE Department Order 18-A series of 2011 na nag-institusyunalisa ng kontraktwalisasyon.

Ayon kay Elmer Labog ng KMU, mula nang ipatupad ang DO 18-A, lalong lumaganap ang kontraktwalisasyon at 43.5% na ng mga manggagawa ay nasasailalim sa iba't ibang pakana ng kontraktwal na pagtrabaho.

## Pondong 4Ps, ipagkakait sa mga pulitiko

"SINO ANG MAS nakakakilala sa mahihirap—ang mga *social worker* o mga kinatawan ng distrito?"

Ito ang tugon ng kalihim ng Department of Social Work and Development (DSWD) na si Judy Taguiwalo nang kwestyunin siya ng Kongreso sa bagong patakaran ng ahensya hinggil sa pagbawas ng importansya sa mga "referral letter" ng mga kongresista at lokal na upisyal ng gubyerno. Sa pagdinig ng badyet para sa taong 2017 nitong Setyembre 1, inilinaw ni Taguiwalo na gusto lamang ng kanyang ahensya na matigil ang paggamit ng mga pulitiko sa pondo ng DSWD na parang pagmamay-ari nila ito. Ang "referral letter" ay pag-eendorso ng mga pulitiko sa pinapaboran nilang mga tao na humihingi ng tulong sa DSWD.

Sa inilabas na Memorandum Circular No. 9 ng DSWD, bibigyang konsiderasyon ng ahensya ang mga *referral letter* mula sa kahit sinong upisyal ng gubyerno, pero hindi ito ang mapagpasya. Tungkulin pa rin ng mga *social worker* at istap ng DSWD na pag-aralan at tiyakin na kwalipikado ang mga iniendorso. Gusto ring tiyakin ng DSWD na wala na ang sistemang *pork barrel* sa taunang badyet ng gubyerno. Dagdag ng kalihim, tinitiyak ng DSWD na walang iregularidad sa bahagi ng mga *social workers.*

Samantala, tinapos na ni Sec. Liza Maza ng National Anti-Poverty Commission (NAPC) ang kontrata ng mahigit 230 "konsultant" na inempleyo ng dating pinuno ng ahensya na si Joel Rocamora. Ayon sa mga rekord ng NAPC, umaabot sa P3.4 milyon kada buwan ang pinapasweldo sa kanila sa loob ng siyam na buwan. Lumitaw sa imbestigasyon ni Maza na mas marami pa ang mga konsultant kaysa regular at kontraktwal na mga empleyado ng ahensya. AB

# TPP, nauubusan ng hangin

Mula Setyembre 2 hanggang 9, bibisita si US Pres. Barack Obama sa China at Laos para sa pagpupulong ng G20 at mga lider ng ASEAN. Sa mga pulong na ito, inaasahang muli niyang ilalako ang neoliberal na kasunduang Trans Pacific Partnership (TPP) sa Asia.

Naipinal ang TPP noong Pebrero matapos ang pitong taong negosasyon, pero hanggang ngayon ay hindi pa ito naipatutupad. Alinsunod sa mga probisyon nito, magkakabisa lamang ang kasunduan kapag niratipikahan ito sa loob ng dalawang taon ng 12 bansang bumuo nito. Lampas 2018, kailangan ang pagpapatibay ng minimum na anim na bansa bago ito magkakabisa. Sa ngayon, Malaysia pa lamang ang nagpasa ng TPP. Habang tumatagal, lumiliit ang posibilidad na papasa ang kasunduan dulot ng malawak at mariing pagtutol ng iba't ibang sektor.

Noong Mayo, naglabas ang International Trade Commission ng US ng pag-aaral na nagsasaad na wala o di-signipikante ang magiging benepisyo ng TPP sa bansa. Ayon sa ulat, pagsapit ng 2032, lalaki lamang ng .23% ang ekonomya ng US. Ang lokal na produksyon naman ay uunlad lamang sa abereyds na .01% taun-taon. Taliwas sa mga pangako nito, magdudulot lamang ng 128,000 bagong trabaho ang TPP at sa ilang sektor, tulad ng pagmamanupaktura ng sasakyan, babagsak pa ang empleyo nang 0.3%. Ayon sa isang hiwalay na pag-aaral, tinatayang lalala ang depisit ng US sa kalakalan sa agrikultura, pagmanupaktura at serbisyo. Pagsapit ng 2032, lalaki ang depisit sa kalakalan ng US tungong $21.7 bilyon.

Kasabay ng ulat, nagpahayag sina Hillary Clinton at Donald Trump, mga kandidato sa darating na halalang pampresidente, na hindi nila susuportahan ang TPP. Sa ngayon, malakas ang oposisyon dito ng magkatunggaling partido sa US sa kabila ng matagalan at puspusang pangangampanya ni Obama. Ang pusisyong ito ay pagbawi sa matagal nang pusisyon ng naghaharing uri ng US para sa "malayang kalakalan" sa anyo ng isa na namang kasunduan para rito. Bago ang TPP, tumirik na ang iba pang multilateral na kasunduan tulad ng General Agreement on Tariffs and Trade. Palatandaan ito ng kainutilan ng neoliberalismo para resolbahin ang pandaigdigang krisis ng kapitalismo at pagtatagumpay ng mga kilusang masa na mahigpit at matagal nang kumukontra rito.

Sa ngayon, tanging ang Japan at Vietnam lamang ang nagpahayag ng kahandaang ipasa ang TPP. Gayunpaman, kahit ang mga ito ay nahihirapan dulot ng laganap na disgusto ng kanilang mamamayan. Sa ibang mga bansa, malakas at masaklaw ang pagtutol dito. AB



# Syria, sinalakay ng Turkey

Noong Agosto 22, sinalakay ng mga armadong pwersa ng Turkey ang Jarablus, isang bayan sa prubinsya ng Aleppo sa Northern Syria, sa tabing ng gera kontra-ISIS. Nilahukan ito ng mga eroplano at drone ng US, gayundin ng mga espesyal na pwersang dati nang nasa loob ng Syria. Ang Aleppo ang sentro ngayon ng mga sagupaan sa pagitan ng iba't ibang armadong grupo.

Tinaguriang Operation Euphrates Shield, pinakahuli ito sa mga maniobrang pinlano, pinondohan at idinirihe ng US sa gerang *proxy* nito laban sa Russia. Pinaigting nito ang karahasan sa pagitan ng mga Turks at Kurds (mayorya ng residente sa Jarablus at kalapit na mga bayan ay Kurds); sa pagitan ng Turkey at Syria; at sa pagitan ng Turkey at Russia.

Bahagi ang pananalakay sa plano ng US na kontrolin ang Northern Syria na balak nitong gamiting base para sa mga operasyon ng NATO laban sa rehimeng al-Assad. Isa rin itong pagtatangkang pasiklabin ang gerang Syria-Turkey, na magbibigay-katwiran para sa isang komprehensibong pananalakay ng mga tropang US at NATO sa bansa. Isa sa mga probisyon ng NATO, kung saan myembro ang Turkey, ang awtomatikong pagsasaklolo sa mga myembro nitong nakikidigma.

Kasabay ng mga sumalakay na pwersang Turk ang libu-libong myembro ng mga "rebeldeng grupong kontra-Assad" na binuo, inarmasan at pinatatakbo ng US, tulad ng Free Syrian Army at mga grupong nakapailalim sa al Qaeda. Ang mga grupong ito ay mas katanggap-tanggap at mas direktang kumakatawan sa interes ng US, NATO at Turkey, kumpara sa kinamumuhiang ISIS.

Batid ng mamamayan sa Syria at ng Kurds ang tunay na layunin ng pananalakay: una, ang ipwesto ang mga armadong grupong pinondohan ng US para kalabanin ang rehimeng Syria; at pangalawa, ang pigilan ang matagumpay na pagpapalawak ng mga Syrian Kurd ng kanilang mga teritoryo sa hangganan ng Syria at Turkey. Alam ng ISIS ang planong pananalakay kung kaya nakaalis na ang mga pwersa nito sa Jarablus bago pa pumasok ang mga pwersang Turk.

Inunahan ng pananalakay ang mga pwersang Kurds na matagal nang kumakalaban sa mga pwersang ISIS at umaagaw sa kanilang mga teritoryo. Ayon pa sa isang kinatawan ng HDP, ang pangunahing partidong pulitikal ng mga Kurds sa Turkey, ang pananalakay ay hindi para iligtas ang Jarablus sa mga pwersa ng ISIS, kundi iligtas ang ISIS sa mga pwersang Kurds. Ilang linggo bago nito, napalayas ng mga pwersang Kurds ang ISIS sa Manbij, isang bayang malapit sa Jarablus. Mahigpit na binalaan ng US ang mga pwersang Kurds na huwag nilang hadlangan ang mga sumasalakay na pwersang Turks.

Mula 2011, tuluy-tuloy at papatindi ang kampanyang militar ng US para itulak ang pagpapalit-rehimen sa Syria. Noong Agosto 2014, inilunsad ng US ang masinsing kampanyang pambobomba sa diumano'y mga kuta ng ISIS sa loob ng bansa. Nagdulot ito ng walang kapantay na pinsala sa mga sibilyang komunidad at imprastruktura. Ayon sa Airwars, isang organisasyon ng mga independyenteng mamamahayag, mahigit 5,000 *airstrike* na ang inilunsad ng US sa bansa kung saan mahigit 1,200 sibilyan ang napaslang. Milyun-milyong mamamayan ang napilitang lumikas sa kanilang mga komunidad, na nagbunsod ng matinding krisis ng mga *refugee* sa loob at labas ng bansa.

Noong 2015, nagpadala ang US ng 300 pwersang Amerikano sa Northern Syria, para direktang pamunuan ang maka-US na mga armadong grupo sa Northern Syria. Nadiskaril ang plano nitong unti-unting saklawin ang Central Syria nang pumasok sa eksena ang Russia, sa imbitasyon ng rehimeng al-Assad, at sinimulan ang sarili nitong pambobomba sa lugar. Sa tulong ng pwersang panghimpapawid ng Russia, malalaking tipak ng teritoryo ng ISIS at iba pang grupong kontra-Assad ang muling nabawi ng rehimen.

Ayon sa mga eksperto, bahagi ng paghahanda ng Turkey para sa pananalakay ang pagbigo ng kudeta laban sa presidente nito na si Recep Tayip Erdogan noong Hulyo. Ginamit noon ni Erdogan ang insidente para linisin ang burukrasyong sibil at militar ng lahat ng mga kontra sa kanya at sa plano niyang pananalakay. Matapos ang kudeta, mahigit 9,000 pulis ang sinisante, 10,000 sundalo ang ikinulong, mahigit 45,000 guro at propesor ang inalis sa serbisyo at 3,000 husgado ang tinanggal. Mahigit 100 ding institusyon ng midya ang ipinasara. AB

